# Ang *Tawo* sa Puso ni Teresa

(Synopsis)

Pangatlo sa sampung magkakapatid si Teresa, labingpitong taon gulang. Pamilya ng mga manggagawang bukid sina Teresa at tulad ng maraming bata sa kanilang lugar, mas nauna niyang natutunan ang gawaing bukid kaysa isulat ang sariling pangalan. Lumaki siyang masipag at matalino ngunit sa kabila ng kanyang pagsisikap na makatapos ay hindi naitaguyod ng kanyang mga magulang ang kanyang pag-aaral, maging ng iba pa niyang mga kapatid. Sa halip, maagang inagaw ng kahirapan ang kanyang kamusmusan at sa murang edad ay saksi siya kung paanong lubusang iniasa ng kanyang mga kababaryo ang kanilang buhay sa kapalaran at awa ng Diyos.

Sa loob ng kanilang maliit na kubo ay saksi si Teresa sa pagtutunggalian ng paniniwala sa pagitan ng kanyang amang si Tonio na isang debotong Katoliko at inang si Ester na malakas ang paniniwala sa mga *Tawo* o ang mga espiritung naninirahan at kumakalinga sa kalikasan. At saksi din si Teresa kung paanong parehong gumamit ng dahas ang kanyang ama at ina sa isa't-isa upang panaigin ang kanilang paniniwala at iligtas ang mga sarili. Dumating ang panahong si Teresa mismo ay naging biktima ng karahasan na nagtulak sa kaniyang gumamit din ng dahas, iligtas ang sarili at lisanin ang Buenavista.

## Ang *Tawo* sa Puso ni Teresa

SA WAKAS AY NARATING DIN NI TERESA ang kalye papuntang sakayan ng jeep na maghahatid sa kanya sa bayan. Huminto siya sa paglalakad upang habulin ang hiningang kanina pa nais malagot dahil sa haba ng paliku-likong kalsadang nilakad niya palabas ng kanilang purok sa Buenavista. Naupo si Teresa sa paanan ng malaking puno ng pili, magkasabay na iniunat ang dalawang binti at saka sumandal sa matikas na katawan ng puno. Pinaitim na ng gawaing bukid ang balat ni Teresa at mas matanda siyang tingnan kaysa edad niyang labingpito. Ngunit sa kabila nito'y litaw pa rin ang angking kariktan ng dalaga. Lampas balikat ang kanyang itim na itim at bahagyang maalong buhok at wari'y inukit ng isang maestro iskultor ang arko ng kanyang mga labi, pati na ang mababababaw na biloy sa magkabilang pisngi sa tuwing siya ay ngumingiti. Matangos ang maliit niyang ilong na akmang-akma sa maliit ngunit makinis niyang mukhang hugis mangga. Sa kabila ng kahirapan ay nagawa ng ina ni Teresa na mapanatiling malulusog at mapuputi ang mga ngipin ng dalaga sa pamamagitan ng palagiang paglilinis nito ng asin at dahong bayabas. Ngunit ang palaging napapansin kay Teresa ay ang kanyang mga matang malalim kung makatitig sa kausap, mga titig na maaaring makaalis ng lumbay o makasugat ng damdamin.

Tiningala ni Teresa ang mga sanga ng punong hitik na sa bunga. Matayog at malawak ang lilim ng puno, kakaiba sa karaniwang puno ng pili sa baryo. Ang sabi-sabi'y pinamamahayan daw ng mga *tawo* ang punong iyon kaya walang maglakas ng loob na mamitas ng kanyang bunga dahil sa takot sa maaaring gawin sa kanila ng mga espiritung nananahan sa paligid, kasama ng mga tao. Pero hindi si Teresa. Hindi siya takot sa punong pinamamahayan ng mga *tawo*.

Napatingin si Teresa sa kahabaan ng liku-likong kalsadang kanyang nilakbay. Hinulma lamang ang kalsada ng hindi mabilang na talampakang dumaan doon. Mabato at madawag ang kalsada, mainit sa talampakan kung tag-init, madulas at maputik kung tag-ulan. Nakukumutan ng malagong kagubatan ang buong Buenavista at tanging ang matayog na puno ng pili ang palatandaan upang marating ang kalsadang papasok sa purok. Sa loob ng purok ay nagsasanga-sanga ang kalsada papunta sa mga palayan, niyugan, pababa sa baryo at banwa. Wala nang iba pang maaaring lagusan. Kapag naglalakad ay maingat ang mga taga-Buenavista sa sari-saring laki at haba ng ahas na nakalambitin sa mga sanga ng puno o kaya'y gumagapang patawid ng kalsada. Sa tuwing naglalakad doon si Teresa ay palagi itong may hawak na mahabang patpat at parang bulag na winawasiwas at pinapalo ang masukal na daanan bilang pahiwatig sa mga ahas na siya'y nakikiraan lamang.

Makailang beses nang nakasalubong ng kobra sa kalsadang iyon si Teresa. Labintatlong taon siya noon at tulad nang dati'y may hawak siyang patpat na pantaboy sa ahas. Ngunit noong hapong iyon ay hindi niya nagamit ang hawak na pantaboy. Kahit anong pilit ang gawin niya ay hindi niya maiwasiwas ang hawak na patpat na wari'y may kung anong puwersang pumipigil sa paggalaw ng braso at kamay ng dalaga. Habang siya'y nakatindig at nakikipagtitigan sa makamandag na ahas ay may boses na bumalong sa kung saang bahagi ng kanyang utak na nagsasabi sa kanyang sundin ang bilin ng ina. Maya-maya'y namuo ang mga salitang nagpupumilit umalpas sa kanyang mga labi, pinagagalaw ang kanyang dila. Nang nakita niyang nagsimula nang gumapang palapit sa kanya ang kobra ay wala na siyang nagawa kundi ipaubaya sa kanyang dila ang pag-usal ng dasal na hindi niya alam kung saan nanggaling o kung sino ang nagturo sa kanya:

O *Tawo*, taga-ataman kan tubig, paros, dangan daga

O *Tawo*, bantay ng kagubatan

Kasihan mo itong *tao* sa iyong harapan

At ako'y ipag-adya sa nakaabang na kapahamakan

Mahina ngunit paulit-ulit na inusal ng kanyang dila ang dasal at naramdaman niyang unti-unting tumigas ang kanyang kalamnan at wari'y pabigat nang pabigat ang buo niyang katawan. Sa harap niya'y nakipagtitigan ang kobra, marahang namamaypay ang malapad na leeg na parang mayuming dilag na nagpapahangin sa tag-araw, pinaglalaro ang magkasangang dila na parang umuusal din ng dasal o ng kung anong pahiwatig na ibinubulong sa hangin. O kay Teresa. Ilang saglit ang lumipas at nagsimulang lumambot ang kalamnan ni Teresa, kasabay ng pagtulo ng pawis sa kanyang noo at leeg. Nagtindigan ang kanyang mga balahibo nang dumampi sa kanyang mukha ang malamig na hanging galing sa kagubatan. Napapikit si Teresa, pigil-pigil ng hindi mawaring puwersa ang paggalaw ng anumang bahagi ng katawan. Nang siya'y muling dumilat ay nakatikom na muli ang leeg ng kobra. Yumuko itong parang namamaalam sa kanya at saka gumapang pabalik sa kagubatan. Umagos ang mainit na ihi sa kanyang mga hita at hindi niya agad naihakbang ang dalawang paa dahil bahagyang nakabaon sa lupa ang kanyang mga talampakan. Matinding takot at pagtataka ang kanyang naramdaman habang humahangos pauwi, hindi makapaniwala sa mga nangyari, pilit inaalala kung kailan o saan siya tinuruan ng inang humingi ng tulong sa mga *tawo*. Pagdating ni Teresa sa bahay ay lalo pang nadagdagan ang kanyang pagkalito dahil sa pagtatanong ng ina.

"Nakasabat ka ki *tawo*?" tanong ni Ester sa anak.

Hindi nakakibo si Teresa sa tanong ng ina na alam niyang hindi naghihintay ng kasagutan. Wari'y alam nito ang nangyari sa gubat, lalo na ang paghingi niya ng saklolo sa mga *tawo*.

"Pigdangog kan mga *tawo* ang pangadion mo, ba-ba ko. Marhay." Mahigpit siyang yinakap ng ina habang pabulong itong nagpasalamat sa pagdinig ng *tawo* sa kanyang dasal. Sa gitna ng takot at pagtataka ay bumuhos ang luha ni Teresa, kasabay ng pag-agos ng dugo ng kanyang pinakaunang buwanang dalaw. Tatlong araw siyang nakaratay sa banig pagkatapos ng araw na iyon.

*****

DINIG NI TERESA MULA SA KINAUUPUAN ang tinig ng mga batang naglalaro sa di-kalayuan, sa unang lingo ng bakasyon ng mga mag-aaral. Masaya at maharot ang kanilang mga tinig, ngunit hindi mahulaan ni Teresa kung ano ang nilalaro ng mga bata sa bukid. Matagal nang panahon ang lumipas nang huli siyang nakipaglaro sa mga kababata, nang huli niyang nalasap ang saya ng isang bata. Pangatlo sa sampu sanang magkakapatid si Teresa kung hindi nakunan ng dalawang beses ang kanyang ina. Tulad ng mga batang isinisilang sa kanilang lugar ay mas naunang natutunan ni Teresa ang magsuga ng kalabaw, magtabas ng damo sa mga palayan at mangahoy sa gubat kaysa maisulat ang sariling pangalan. Masipag at matalino si Teresa. Mabilis nitong tinatapos ang kanyang mga gawain sa bukid at sa bahay upang sa gabi'y gawin ang mga takdang aralin sa paaralan o kaya'y turuan ang mga nakababatang kapatid, kahit pa nga ang tanging tanglaw nila ay ang aandap-andap na liwanag ng isang maliit na gasera. Sa tuwing nakapag-uuwi siya ng medalyang gawa sa palarang kulay ginto ay mabilis itong isinasabit ng kanyang ina sa sawaling dingding ng kanilang kubo. Ngunit inabot pa rin ng walong taon bago natapos ni Teresa ang dapat ay animna taong elementarya. Kapag nangangailangan ng malaking halaga ang pamilya para sa pag-aaral ng iba pang kapatid ay pinatitigil siya ng ama upang magtrabaho. Ikaw kasi ang panganay na babae, sasabihin sa kanya ng amang si Tonio. Bago pa siya nakatuntong sa ika-limang baitang ay isang taon siyang namasukan na kasambahay sa kamag-anak ng ama sa

Maynila, at bago nagtapos ng elementarya ay nanilbihan siya bilang serbidora sa isang bilyaran sa bayan. Madalas pag-awayan ng ama at ina ang tungkol sa pag-aaral nilang magkakapatid at inakala ni Teresang normal lang ang mga pagtatalong iyon. Sa Buenavista, hindi lang naman siya ang tumitigil sa pag-aaral. Sa tuwing simula ng pasukan, paksa ng mga musmos na kuwentuhan ng mga mag-aaral ang mga kaklaseng hindi ipinalista ng magulang, kung anong trabaho ang pinasukan ng dating kaklase o kung sino sa kanila ang susunod na titigil sa pag-aaral. At alam ni Teresa, pagkaraan niyang magtapos ng elementarya ay hindi na siya makatutuntong pang muli sa kung saan mang paaralan.

Katabi ng mga medalyang nakasabit sa dingding ang rebulto ng Birheng Maria at Sto. Niño na magkatabing nakapatong sa kapirasong tablang altar na ginawa ng ama. Tuwing umaga, bago umalis papuntang bukid ay dinadasalan at hinahalikan ni Tonio ang mga rebulto. Siyang-siya si Teresa kapag nakikita ang amang nakapikit, habang nakadantay ang kanang kamay sa paanan ng Birheng Maria at ang kaliwa sa kamay ng Sto. Nino at mataimtim na nananalangin. Pagkasambit ng dasal ay titingkayad ito upang halikan ang inaagiw na paanan ng dalawang rebulto. Nakatayo lamang sa tabi ng ama ang kanyang ina, tahimik na nakikinig sa mga inuusal ng ama. Hindi tiyak ni Teresa kung nagdarasal din ito o hinihintay lamang na matapos ang pang-araw-araw na ritwal ng ama. Madalas din silang mapagalitan ng ama tuwing Linggo ng umaga kung ayaw pa nilang magkakapatid na gumising upang magsimba sa kapilya sa sentro ng Buenavista. Kailangan nilang gumising ng alas-singko ng umaga upang marating ang pang-alas-sais na misa.

“Dipungal! Paano kita kaawan kan Diyos kun ugak kita magsimba. Hala magtirindug kamo diyan, mga lintian. Hindi tayo dapat mahuli sa misa!” Kapag narinig na ng magkakapatid ang galit na boses ng ama ay para silang mga putakteng nabulabog ang kuta sa pagkataranta habang

mabilis na nagbibihis. Sa kapilya, tapik sa hita o batok ang madalas na panggising sa kanila ng ama kapag nagsimula nang mamungay ang kanilang mga mata dahil sa antok at pagkainip na matapos ang misa. Mabilis namang hahaplusin ng kanyang ina ang ulo ng kapatid na dinapuan ng tampal ng ama.

*****

MABILIS NA PINAWI NG MALAMIG NA lilim ng puno ang pagod ni Teresa at wari'y ipinaghehele siya ng malumanay na ihip ng hanging galing kagubatan. Mula sa kinauupuan ay nakita niyang nakatanaw sa kanya ang bulkang Mayon, walang tabing na ulap ang makapangyarihang dalisdis nito at wari'y ipinagyayabang ang kanyang matayog at tanyag na hugis sa sangkatauhan. Sa bandang paanan ng bulkan ay nakalatag ang ekta-ektaryang niyugan, marahang iwinawagayway ng ihip ng hangin ang kanilang mga palapa na parang nagbibigay pugay sa kariktan ng bulkang Mayon. Napatingin si Teresa sa kalsadang papasok ng sentro ng Buenavista at natanaw niya ang guhong gusali ng kapilyang dati nilang pinagsisimbahan tuwing Linggo. Wala na itong bubong at ilang bahagi na lang ng sementadong dingding ang natitirang nakatayo. May ilang piraso pa rin ng mga kahoy ang naglambitin sa itaas na bahagi na dating kinalalagyan ng kisame. Ang konkretong altar na lamang ang naiwan sa loob ng guhong kapilya, wala na ang mga rebulto ng santo at santa. Nang makita ni Teresa ang nangingitim na bahagi ng dingding at altar at nagbalik sa kanyang alaala ang mga pangyayari bago nasunog ang kapilya, dalawang linggo bago ang araw ng kanilang pagtatapos sa elementarya.

Tulong-tulong silang magkakaeskuwela sa pag-aayos at pagpaganda ng kapilya dahil doon nakatakdang idaos ang misa ng pasasalamat para sa mga magsisipagtapos. Habang pinagaganda

ang loob at labas ng kapilya ay hindi magkamayaw sa tawanan at kantiyawan ang grupo ng mga magtatapos.

“Excited na ako grumadweyt.”

“Pa-no pwede ka na mag-agom.”

“Gago, dai ako ma-agom. Mag-aartista ako para madali mag-yaman. Garu si Kim Chiu.”

“Paano ka man maartista maitumon ka?”

“Nata, su mga mapuputi sana pwedi mag-artista? Nata si Ate Guy, bikolana yata yun. Dangan si Benus Ra.”

“’Di mag-mis yunibers ka muna.”

“Ay sus, dai lamang pwedi sa kadakulan kan peklat mo sa tabay. Puro kaya kagat kan nuknuk.”

“Kurong pa ang buhok, nariparo na taga-bulod.”

“Ako magsisinger. Mag-aawdisyun ako sa Pilipinas-gat-talent.”

“Ako sasali sa byuti peygent. Hi, I’m Maria Andalucia Salindong, a neytib op Buenavista, Legaspi City. I belib dat der is no medyor, medyor problem dat ay enkawnterd in my layp! I tenk yu!”

“E pang-baklang byuti peygent naman ‘yang espeech mo. Tanga.”

“O etong si Teresa, kinse na, ngonian pa sana magradweyt. Tapos beldiktoryan pa. Madayaon!”

Biglang tumahimik ang lahat nang napansing nakaupo sa isang sulok ng kapilya si Teresa, nakatingin sa labas.

“Hala, nadagit si Teresa. Lagot tayo,” sabi ng isa.

“Teresa, nagbibiruan lang kami.”

Ilang sandaling nanatiling walang kibo si Teresa hanggang sa bigla na lamang siyang naghihihiyaw, nanlalaki ang mga matang nakatingin sa mga rebulto sa may altar ng kapilya.

Maya-maya pa'y dumausdos ang katawan nito sa baldosa at saka nangisay. Pagbagsak sa baldosa ay tirik na tirik na ang mga mata nito habang patuloy ang paghiyaw. Tinangkang kalungin ng isa ang nangingisay na katawan ni Teresa ngunit hindi niya ito mabuhat. Kinailangan pa nilang pagtulung-tulungang buhatin si Teresa at maihiga ang katawan nito sa mahabang bangko.

"*Tawo.*" Hiyaw ng isang kaklase. "Sinasapian ng *tawo* si Teresa."

"Sunduin nindo si Lola Arsenia!" sabi ng isa pa.

"Apudun nindo sina Mam, dali." Nagtakbuhan palabas ang magkakaklase. Isang grupo ang pumunta sa bahay ni Lola Arsenia, ang natitirang *parabulong* ng Buenavista at ang isang grupo ay dumiretso sa paaralan upang tawagin ang kanilang guro. Tuloy pa rin ang panginginig ng katawan ni Teresa. Tumigil ang paghiyaw ni Teresa ngunit napalitan lamang iyon ng isang malalim na boses, boses na alam ng mga mag-aaral na hindi boses ni Teresa. Noon nagtakbuhan palayo ang mga estudyante. Nagsimula nang mag-iyakan ang mga babae. Narinig nilang may sinasabi si Teresa, paulit-ulit pero walang nakakaunawa sa kanila sa kahit isang salitang lumalabas sa bibig nito. Nanlalaki ang mga mata ng mga kaklase sa kanilang nakikita at naririnig. Hanggang sa unti-unting tumigil ang pangingisay nito at tumahimik ang loob ng buong kapilya. Pagdating ng guro sa kapilya ay nakapalibot na kay Teresa ang mga kaklase, pinapaypayan siya upang mahimasmasan.

Mabilis na kumalat sa baryo ang nangyari sa kapilya at iisa ang kanilang pinaniwalaan: sinapian ng *tawo* si Teresa. Siguro daw ay may nasaktan siyang lamang-lupa kung kaya sinapian siya ng *tawo* at nang pumasok siya sa kapilya ay lalo itong nagalit at pinarusahan si Teresa.

“Kapag sinaniban ka ng *tawo*, dai ka na pwede maglaog sa harong kan Diyos,” sabi ng matandang *parabulong*. Sa huli’y si Teresa ang sinisi at walang nakinig sa pakiusap ng mga guro na dalhin sa duktor ang bata upang masuri ang kalagayan nito.

Ilang araw pa ang lumipas at nalimutan na ng mga taga-Buenavista ang nangyari kay Teresa. Ngunit para kay Teresa, parang mga uka sa dalisdis ng bulkang Mayon ang malaking sugat na iniwan sa kanyang pagkatao ng karahasang dinanas bago pa man naganap ang sinasabi nilang pagsapi ng *tawo* sa dalaga. Nangyari iyon nang papuntahin siya ng ama sa kumbento, dalawang araw bago ang mga kaganapan sa kapilya.

“Dai ka namin maibahan ng Mama mo sa kumbento. Kadakol ang gigibuhon sa bukid. Dakol ang nag-aani. Huwag kang mag-alala, mabait na tao si Padre Albert.” Bilin ng kanyang ama nang utusan nito si Teresa na kunin kay Padre Albert ang mga dokumento tungkol sa scholarship nilang mga magtatapos nang may karangalan.

Hindi iyon ang unang pagkakataon na nagtungo si Teresa sa kumbento ng pari. Kapag may okasyon sa simbahan ay katulong siya ng ina sa pagluluto ng mga kakaning inihahanda ng matandang pari sa mga bisita ng simbahan. Ihinahatid nilang mag-ina ang mga kakanin sa kumbento at sa tuwina’y parang may malaking pintong nagsasara sa dibdib ni Teresa, pinasisikip ang kanyang paghinga sa tuwing kaharap ang pari. Palaging hinahaplos ng pari ang kanyang ulo at kukumustahin ang kanyang pag-aaral at ipagmamalaki naman ng kanyang ina ang mga medalyang isinabit niya sa dibdib anak. Noong huli siyang nagpunta sa kumbento upang tumulong sa paglilinis ng simbahan para sa parating na piyesta, ang haplos sa ulo ay sinundan pa ng palihim na kanti sa kanyang braso at balikat, at mga titig at ngiting noon lamang niya nakita sa pari tuwing dumadaan ito sa kanyang harapan. Mamumula siya sa hiya at mabilis na babawiin

ang titig sa pari. Noong umagang inutusan siya ng ama, pilit niyang binura sa isip ang anumang malisya at mag-isang tinungo ang kumbento. Mahalaga ang mga papeles na iyon para sa kanyang scholarship at ayaw niyang siya ang maging dahilan ng pagkaantala.

*Paglaog ko pa sana sa kumbento, nagtaka na ako. Tahimik ang buong kumbento at walang katau-tao. Tapos nagluwas si Padre Albert sa sarong kwarto, dara su puting sobre, inilaag ang sobre sa lamesa, may laman iyong makapal na bugkos ng pera. Pina-upo nya ako sa sopa, tapos, hinaplos niya ang pisngi ko. Nagulat ako dangan napatindog. Padre, sabi ko... pero ginuyod niya ako sa sopa. Gusto mo rin ako 'di ba, sabi niya. At gusto rin kita. Huwag kang mag-alala, ililihim natin ang ating relasyon, kinupo niya ako, parang relasyon ng Diyos at ng Birheng Maria, inadukan niya ako, sa liog, tutulungan kita sa pag-aaral mo, inadukan niya ako, sa labi, garu pag-adok ni Papa sa mga rebulto, O Teresa, ang ganda-ganda mo, kawangis mo ang ganda ng mahal na Ina, sabi niya, magsing-edad lang kayo nang ipagbuntis niya ang anak ng Diyos. Napapirong ako sa takot, sa pandidiri, mahalin mo rin ako, magmahalan tayo, nagtirindug ang mga balahibo ko, huwag po Padre, parang awa mo na. Nakatindug ako at pilit umalpas sa kanyang yakap. Padre, gusto ko lang pong mag-adal. Habang yakap ako ni Padre Albert mula sa likuran ay napasubsob ako sa malaking lamesa kan pari. Nailing ko ang dakulang krus na nakasabit sa dingding. Nagmakaawa ako at naramdaman ko ang paglamas ng pari sa aking dibdib.*

Habang patuloy na minomolestya ng pari si Teresa ay pumikit ang dalaga at sinimulang dasalin ang dasal na itinuro ng ina. Muli, naramdaman niya ang paninigas ng kanyang kalamnan at pagbigat ng buo niyang katawan.  Habang pabulong na umuusal ng dasal si Teresa ay parang may ibang nangyayari sa kanya: hindi na niya nararamdaman ang mga halik at panghahalay ng dalawang kamay ng pari sa iba't-ibang bahagi ng kanyang katawan. Sa halip, mahinang bulong

ang kanyang narinig mula sa kung saang sulok ng kanyang utak at sigurado siyang boses iyon ng kanyang ina: *ingatan mo ang* tawo *sa iyong puso at iingatan ka niya.* Paulit-ulit niyang narinig ang bulong. Tumigil  ang kanyang pag-iyak at idinilat ni Teresa ang kanyang mga mata.  Nakita niya ang kobra sa ibabaw ng lamesa ng pari, nakabuka ang malapad nitong leeg, labas-masok ang magkasangang dila. Sa tabi nito ay ang bote ng alak na hindi pa nabubuksan. Hindi na nagdalawang-isip si Teresa at sa isang iglap ay kinuha niya ang bote, mahigpit na hinawakan at buong lakas na ipinalo sa ulo ng pari. Humandusay sa baldosa si Padre Albert at nakita ni Teresa ang pagpatak ng dugo nito habang pilit na bumabangon. Mabilis na tiinakbo ni Teresa ang pintuan. Nang huli nyang sulyapan ang pari'y nakita nyang nakaupo na ito sa baldosa, nanlalaki ang mga mata habang nakikipagtitigan sa kobrang namamaypay ang nakabukang leeg.

Noong gabi bago ang araw ng pagtatapos, habang nakukulambuan ng dilim ang buong Buenavista at tumigil na ang usap-usapan tungkol sa *tawo* at kay Teresa, palihim na tinungo ng dalagita ang kapilya, bitbit ang isang lata ng gaas, mga tuyong dayami mula sa mga bagong aning palay at posporo. Mabilis niyang sinabuyan ng gaas ang altar, pati ang mga bagong laba at plantsang damit ng mga santo at santa, ang mga upuang kahoy. *Nunca dai ka na makakadigdi sa Buenavista, Padre Albert.*  Binuhusan rin niya ng gaas ang mga palamuti para sa misa ng pasasalamat.  Nang maubos ang gaas ay ikinalat ni Teresa ang mga tuyong dayami at saka sinindihan. Mabilis na nagliyab ang dayami. Pinanood niya ang mabilis na paglamon ng apoy sa altar, sa mga rebulto, sa kabuan ng kapilya.

*****

PINAHID NI TERESA ANG LUHA. INIUNAT niya ang likod mula sa pagkakasandal sa matikas na katawan ng puno. Habang nakatingin sa guhong kapilya ay hinanap ng kanyang dalawang kamay

ang malalaking ugat ng pili na nakausli sa lupa. Marahang hinaplos ng kanyang mga kamay ang makapal na balat ng ugat na parang isang inang sinusuyo ang umiiyak nitong sanggol. Walang pinagsabihan si Teresa ng panghahalay na ginawa sa kanya ni Padre Albert. Wala nang nakaalam kung paano nasunog ang kapilya o kung sino ang sumunog dito. Itinuloy ang kanilang pagtatapos kahit walang misa ng pasasalamat. Hindi na nagpakita si Fr. Albert at walang makapagsabi sa kumbento kung nasaan ang lapastangang pari. Dalawang taon na ang nakalipas mula nang halayin ng pari si Teresa at sunugin niya ang kapilya pero wala nang nagtangkang muli itong itayo. Natigil na rin ang pagsisimba nilang mag-anak tuwing araw ng Linggo.

Hindi na nakapagpatuloy ng high school si Teresa nang mawalang kasama ni Fr. Albert ang inaasam niyang scholarship. Hindi na rin niya inasahang pagsusumikapan ng amang pag-aralin siya kahit pa valedictorian siyang nagtapos ng elementarya.

"Teresa, aram ko na gustohon mong mag-hayskul sa banwa." Mahinahon ang boses ng kanyang ama. Napatigil sa paghuhugas ng pinggan si Teresa at nasulyapan niya ang pagtungga ng ama sa hawak na baso ng alak. Sa harap ng ama'y tahimik na binubugkos ng kanyang ina ang mga usbong ng lubi-lubing ibebenta ng mag-ina sa baryo kinabukasan.

"Iyo po, Pa." Patuloy ang tahimik na pagbubugkos ng mga dahon ng halamang umuusbong lamang tuwing kabilugan ng buwan. Mugto ang mga mata nito sa magdamag na pag-iyak.

"Magpundo ka muna mag-eskwela sa pasukan. Kaipuhan daw ni Mrs. Estrella ki katabang sa restawran niya sa banwa. Iprinisinta ko ika." Alam ni Teresang gawa na ang desisyon ng ama.

"Iyo po, Pa." Mahinang sagot ni Teresa.

"Gred siks na si Maykel at gred payb naman si Anto sa masunod na pasukan. Magabaton sa bulsa na tulo kamong nag-eskwela."

“Iyo po, Pa.” Nakita niyang tumigil sa ginagawa ang ina. Pinahid nito ang luha sa pisngi.

“Su duwa mo kayang tugang sa banwa, bihira man sana magpadara ki kwarta.”

“Iyo po, Pa.”

“Matali ka man, tama na natapos mo an elementari. Mabubuhay ka na nyan. Maagom ka man sana. Responsibilidad kan agom mo buhayon ka, tandaan mo yan.” Tumungga ng alak ang kanyang ama.

“Dai ka maghadit, Teresa. Mairaraos din natin ang pag-adal mo. Tius-tius muna.” Alam niyang pigil-pigil ng ina ang pag-iyak.

“Iyo, may awa ang Diyos,” dugtong ng kanyang ama, pipikit-pikit ang mga mata sa kalasingan.

*May herak ang Diyos? Sigurado ka ba Pa, na may awa ang Diyos? Nata dai siya nahirak sa tuya? Kung talagang may kapangyarihan siya, nata dai niya ako naisalba sa kahalayan ni Padre Albert? Kung talagang makusog ang pagtubod mo sa Diyos, Papa, nata dai man nagbago ang buhay mo?* Pagkasambit niyon sa kanyang utak ay hindi sinasadyang nabitawan ni Teresa ang hinuhugasang latang pinggan. Baog ang tunog nito nang lumapat sa lupa.

“Iho de putang... nagdadabog ka ba?” galit na tanong ng kanyang ama.

“Pa, dai man tabi. Dumulas tabi ‘yung pinggan.” Pinulot ni Teresa ang pinggan at binanlawan. Pagkaligpit ng mga hinugasan ay nagpaalam ang dalaga sa mga magulang na matutulog na, nagmano at saka diretsong pumasok sa kuwarto nilang magkakapatid. Paghiga ay saka bumuhos ang mga luha sa pisngi ni Teresa. Mula sa labas ay nagsimulang humuni ang mag-asawang kuwago.

Sa tuwing maglalakad si Teresa pauwi galing sa pinapasukang restawran sa banwa ay parang nakikita na niya ang magiging sariling buhay kapag nagtagal pa siya sa Buenavista. Mula sa

sakayan ng jeep sa high-way papasok sa kanilang baryo ay nadadaanan niya ang mga manginginom, umuusok na parang koprasan ang mga kubo mula sa mga sigarilyo, malakas na nagkukuwentuhan tungkol sa iba pang bisyo: kung sino ang natalo o nanalo sa sabong, magkano ang papremyo sa Lotto, sino ang susuportahang kandidato sa susunod na eleksyon. Kabi-kabila rin ang umpukan ng mga babae at kabataan lalo na tuwing hapon, inaaliw ang mga sarili sa tong-its, at bingo o sa pakikinood sa telebisyon ng kapitbahay, siyang-siya sa pagsasayaw at pagkanta ng mga paboritong artista. Natandaan ni Teresang maging siya ay nakihiyaw sa palabas ni Willie Revillame, nakiluha sa pag-iyak ng isang batang hindi maipagpatuloy ang pag-aaral dahil sa kahirapan at nakigalak nang manalo ito ng limampung-libong piso sa paligsahan. Paborito ring pagdiskusyunan sa harap ng kubo nila ang buhay sa Buenavista, sa tuwing may kainuman ang kanyang ama. Marami silang sinisisi sa dinadanas na hirap: ang mga magulang nilang walang pinag-aralan, ang mga tamad na anak, ang mga bagyo at peste sa niyugan at palayan, ang mga *tawo.* Maging ang alkalde ng bayan at presidente ng bansa ay sinisi nila. Sa tuwina'y naririnig ni Teresa ang ama, susuray-suray ang mga salita sa pagsasabing *mga padi, may herak ang Diyos.* Aabot sa rurok ang kanilang kalasingan hanggang sa maitagay ang pinakahuling patak ng alak, pero tuloy ang kanilang mainit na diskusyon, kahit wala nang nakikinig at tinatangay na lang ng hangin ang kanilang mga pagtatalo. Pag-alis ng mga kainuman ay maiiwang nakahandusay sa kuwarto ang ama ni Teresa, nakabuka ang bibig at malalim ang pagharok. Kinabukasan ay balik ang ama at ang iba pang manggagawang-bukid sa dating gawi: magtatrabaho kung may patrabaho ang mga amo, maglalasing kung wala.

At gagawa ng marami pang bata. Karaniwang tanawin sa sementadong kalye sa sentro ng Buenavista ang nagkalat na bata, mga babaeng may kargang bata, mga inang kahapon lang

iniwan ang pagkabata at ngayo'y may karga ng anak, mga batang nagtatrabaho sa bukid, nagpapasada ng tricycle, mga batang nakatambay sa kalye na parang naghihintay ng suwerteng ibubuga ng bulkang Mayon. Mga batang sigurado ni Teresang matutulad sa kanya na walong taon tinapos ang elementarya at hindi na makatutungtong pa ng high school. Pagdating niya sa puno ng pili na nagsisilbing pananda ng lagusan papasok sa kanilang purok, pakiramdam niya'y sinasakal siya sa tindi ng pagod, hindi dahil sa mahabang nilakad o init ng araw, kundi dahil sa nararamdaman din niyang malapit na siyang matulad sa mga kababaryong naubusan na ng lakas na mangarap at baguhin ang buhay.

Pagkaraan ng una niyang pakikipagtitigan sa kobra sa gubat noong siya ay labintatlong taong gulang, noon siya nagtanong sa ina: kung makatutuntong pa kaya siya ng high school? Nasa koprasan silang mag-ina noong hapong iyon. Nababalutan ang koprasan ng makapal na usok na galing sa pinatutuyong laman ng niyog. Nakaupo sa isang bangko ang ina, tahimik na tinutungkab ang laman ng mga bagong pitas na niyog upang patuyuin sa ibabaw ng baga. Sa tuwing nasa koprasan si Teresa ay naglalaway ang dalaga sa manamis-namis na amoy ng nilulutong langis ng niyog na hatid ng makapal na usok.

"Bayae sana, kakaurunun ko giraray ang Papa mo."

"Ikaw ba Ma, pinatigil din sa pag-aaral ng Lolo?" Tumigil sa ginagawa ang kanyang ina. Pinahid ng laylayan ng t-shirt ang pawis sa noo at leeg.

"Trese kaming magturugang. Saro lang ang nakatuntong ki hayskul, hanggang sekend yir. Tapos gabos kami nag-aragom na at nag-araki ki dakul." Isang ngiti ang sumilay sa mukha ng ina.

"Nata kamo ni Pa, dakulon man an aki?"

“Pirang beses ko nang kinauron si Papa mo. Kan inaki ta ka, habo ko nang mag-aki giraray. Pero ayaw nya akong dangugon. Maski su *pills* na hinagad ko sa center para dai na ako magbados, sinulo kan Papa mo.” Tahimik na binalikan ni Ester ang pagtungkab ng laman mula sa bao ng niyog. “Kasalanan daw sa Diyos. Dai daa kita pababayaan kang Diyos.” Tumayo si Ester at linapitan ang anak. Pinahid nito ang luha at hinawakan sa dalawang balikat si Teresa.
“Teresa, aram ko na nasa imo ang *tawo.* Kaya, magdangog ka sa ko: *Umali ka sa Buenavista pag nag-abot na ang tamang panahon. Ika sana ang nakaaram kung nguarin, pero dai ka maghadit, tatabangan ka kan* tawo *sa iyong puso.”* Muling pinahid ng ina ang luha sa pisngi at pilit na ngumiti sa kanya. Pagkaraa’y mahigpit siyang niyakap ng ina.

Tulad ng inaasahan ni Teresa’y hindi na siya nakatuntong pa ng high school. Pagkatapos ng elementarya ay iba-ibang trabaho ang pinasukan niya sa banwa, pilit pinagkakasya ang kakarampot na sahod sa pangangailangan sa pag-aaral ng dalawang nakababatang kapatid. Hindi na rin siya nagtanong pang muli sa ina ng anuman tungkol sa kanyang pag-aaral dahil palagi lamang nauuwi sa pag-aaway ng kanyang mga magulang ang kanyang pang-uusisa. Kapag siya’y napag-iisa, palaging sumasagi sa isip ni Teresa ang mga sinabi sa kanya ng ina noong sila ay nasa koprasan. *Umalis ka ng Buenavista. Ikaw lang ang nakakaalam kung kailan. Huwag kang matakot. Tutulungan ka ng tawo sa iyong puso.* Hindi na rin niya naitanong pang muli sa ina kung ano ang ibig sabihin ng habiling iyon.

Isang araw ay bigla na lamang tumigil sa pagsasalita si Ester. Dahil wala naman itong idinadaing na sakit at wala silang perang pampagamot ay nagpasya ang kanyang ama na ipatawag na lamang ang matandang *parabulong* ng Buenavista. Walang nagawa ang pagtutol ni Teresa. Baka

nabati ang mama mo at napaglaruan ng mga espiritu sa gubat, sabi ng kanyang ama.  Lahat ay ginawa ni Lola Arsenia, ang *parabulong.* Dinasalan, binulungan sa tainga, pinainom ng agua bendita, pinausukan, pinatakan ng kandila, tinawas, pero walang nakapagpalabas sa boses ni Ester. Makaraan ang isang linggong pananahimik ay natagpuang patay si Ester sa pusod ng kagubatan. Isang malaking tuklaw ng ahas ang naiwang nakamarka sa kanyang dibdib.

*****

PAANONG NAKARATING DOON SI ESTER, TANONG ng marami habang pinaglalamayan ang kanyang bangkay. Alam nilang madalang na madalang sa kanilang mga kababaryo ang nakararating sa bahaging iyon ng gubat dahil bukod sa masukal at maahas ay doon pinaniniwalaang naninirahan ang puno ng mga *tawo* ng mga ahas. Sa mga pagkakataong kailangan pumunta doon ng mga taga-Buenavista upang kumuha ng mga halamang gamot ay kailangan nila ng matinding panalangin, pagsusumamo at pag-aalay sa mga *tawo* upang payagan silang kumuha ng halamang gamot.

"Dai man may ilang sa magkaturugang para magduman si Ester at kumua ki bulong," sabi ng isa sa mga naglalamay.

"Baka iniligaw siya ng mga *tawo* para kunin ang kanyang kaluluwa," sabad ng isa pa.

"Nata? Mabait si Ester, mabuting ina at mapagmahal na asawa."

Napatingin si Teresa sa matatandang seryosong nag-uusap.

"Digdi inaki dangan nagdakula si Ester," deklara ni Lola Arsenia. Malinaw ang mga salitang inusal ng matandang manggagamot, matikas ang kanyang tinig na kaya lamang gawin ng isang taong may malalim na kaalaman sa mga pangyayari sa purok na hindi madaling maunawaan ng kung sinoman.

“Dai man basta mawara si Ester sa gubat.  Aram niya kung paano pakitunguhan ang mga *Tawo*.” Ngumuya si Lola Arsenia ng *nganga,* ilinura sa lupa ang mapulang katas na wari’y may nalasahang kung anong mapait na bagay sa kanyang bibig. Nagtanguan at nanahimik ang kanyang mga kausap bilang paggalang sa deklarasyon ng *parabulong*. Nang marinig ang tinuran ng matanda ay ibinaling ni Teresa ang tingin sa kabaong ng ina. Yari sa tablang galing sa puno ng niyog at pininturahan ng puting kalburo ang kabaong na pinagtulung-tulungan gawin ng kanilang mga kapitbahay. Alam ni Teresang may malalim na kahulugan ang mga deklarasyon ng matandang *parabulong*. *Tama si Lola Arsenia. Aram ni Mama kung paano pakitunguhan ang mga* tawo. *Dai man nawara si Ma. Dinuman niya su mga* tawo *sa gubat. Aram ko kung nata. Gusto na niyang makabitaw sa karahasan ng agom niya. Katulad ng pandarahas na dinanas ko kay Padre Albert.*

Maliit lang ang kubo nina Teresa, anahaw ang bubong at sawali ang mga dingding. Sawali rin lang ang dingding na namamagitan sa kuwarto ng magkakapatid at kuwarto ng mag-asawa. Ayaw man niya ay madalas marinig ni Teresa ang mahinag pag-aaway sa kabilang kuwarto sa gabing inaakala ng mag-asawang tulog na ang mga anak. Marami silang pinag-aawayan at pinagtatalunan, tungkol sa pera, sa pagkain, sa pag-aaral nilang magkakapatid, sa paglalasing ng kanyang ama. Pero ang pinakahuling pag-aaway ng mag-asawa ang higit na nagpabalisa kay Teresa.

“Tonio, tama na. Habo ko na mag-aki.”

“Uni man, saro na sana.” Sumusuray na naman ang boses ng ama sa kalasingan.

“Nakasampulo ka na, pira pa ba an gusto mo?”

“Ang diyos ang bahala. Dai man kita pigpabayaan. Nakakaraos naman kita.”

“Iho de puta ka Tonio. At pagkatapos, ano, ipapanao mo man sana, tulad kan ginibo mo kina Jose at Malu? Ano ang pag-una mo sa mga aki mo, ayam na pwede mo ipanao kung dai ka nang ipakaon?”

“Iho de puta ka. Agom ta ka, sunudun mo an gusto ko.”

“Sige, gibuhon mo an gusto mo. Sanay na ako sa pamumuwersa mo. Tuod na ako...”

Impit ang pagtutol ng ina sa panggagahasa ng ama. Halos mabiyak ang dibdib ni Teresa sa tindi ng galit ng *tawo* sa kanyang puso habang sa kanyang utak, maliwanag pa sa tanglaw ng mabilog na buwan ang mga nagaganap sa kabilang kuwarto. Nakapatong ang kanyang ama sa ina. Umiiyak ang kanyang ina, pigil ang paglabas ng mga salita at hikbi upang hindi nila marinig na magkakapatid. Hawak ng kanyang ama ang magkabilang braso ng ina, madiing nakadagan sa katawan ng ina ang mabigat at mabahong katawan ng amang galing sa bukid, hinahalikan sa labi ang ina. Ayaw ibuka ng ina ang labi, nasusuka ito sa baho ng hininga ng ama. Ayaw ibuka ng ina ang kanyang mga hita para papasukin ang ama. *Ibuka mo, akong bahala. De puta ka, agom mo ako. Sandali lang ito. De puta ka.* Dinig ni Teresa ang impit na paghagulgol ng ina. Dinig ni Teresa ang mahinang ungol ng nakaraos na ama. Napapikit si Teresa pero maliwanag pa rin ang mabilog na buwan sa kanyang utak. At muli niyang narinig ang ina.

“’Pag ako nabados, ipalalaglag ko lang ulit.”

Sandaling tumahimik ang loob ng bahay. Naghiyawan ang mga kuliglig sa labas ng kubo, nakisali ang huni ng tuko at kuwago. Naglaho bigla ang liwanag ng buwan sa utak ni Teresa. Dumilat siya at tumambad ang kadilimang nakabalot sa kabuuan ng kubo.

“Ano’ng tinaram mo?” Iyon din ang gusto niyang itanong sa ina.

“Nag-inom ako ki dahong pampalaglag hali sa gubat. ‘Dun sa ikaanim at ikawalo mong aki. Mainom giraray ako kung kaipuhan. Hindi bale ng maraot ang matris ko, dai ko sana sinda ipanganak na gaya natin na daing inadalan, warang kinabukasan.”

Nagulantang ang buong kubo sa malakas na atungal ng kanyang ama. Napaupo sa gitna ng kadiliman ang magkakapatid sa kabilang kuwarto. Nagpiyesta sa pusod ng kagubatan ang mga *tawo.*

*****

NAGKITA-KITA SILANG MAGKAKAPATID SA BUROL NG ina. Si Ricardo at Gerardo, kasama ang kanilang mga asawa; si Jose at Malou ma ipinaampon ng kanyang ama sa kanyang mga tiyahin sa Maynila; sina Michael, Anto, at ang bunsong si Antonio Jr. na apat na taong gulang pa lamang. Lihim na ikinuwento ni Teresa sa mga kapatid ang kanyang narinig noong gabing huling nag-away ang kanilang mga magulang. Ngunit parehong walang reaksiyon ang dalawang nakatatandang kapatid na lalaki ni Teresa. Naisip ni Teresang iniisip ng dalawa na wala na silang magagawa pa. *Wala silang nagawa noong buhay pa ang kanyang ina, ano pa ang magagawa nila ngayong nakaburol na ito?* Sa huli’y pinakiusapan na lamang ni Teresa ang dalawa na ampunin muna ang tatlong nakababatang kapatid dahil kailangan niyang umalis. Babalikan na lamang niya ang tatlo kapag kaya na niyang akuin ang responsibilidad na iniwan ng ama at ina.

“Nata? Yaon pa naman si Pa.” Alam ni Teresang natatakot ang dalawang kapatid na baka hindi nila kayaning mapakain at mapag-aral ang tatlong nakababatang kapatid.

“Buhay pa ngani si Pa, pero bale-wala na rin ang buhay niya. Sa kadakulan kan aki nya, sa huli’y nag-iisa pa rin siya.”

Tahimik lamang na sumang-ayon ang mga kapatid. Napatingin sila sa may labasan at nakita nila ang ama, kaharap ang ilang mga kalalakihan, panay ang tungga ng alak.

"Inalipin niya si Ma at pinagsamantalahan ang kanyang kabaitan. Pero hindi niya nakanti ang puso at kaluluwa ni Mama. Sa simula pa lang, hindi nalupig ni Tonio ang paniniwala ni Ester."

Nakatingin lang ang mga kapatid kay Teresa. Hindi nila nauunawaan ang mga sinasabi nito.

*****

WARI'Y NAGISING SA MAHABANG PAGKAKAIDLIP SI TERESA. Pagmulat ng mga mata'y nasilaw siya ng matinding hagupit ng sikat ng araw. Nakaupo pa rin siya sa ilalim ng puno ng pili, mahigpit ang hawak ng mga kamay sa nakausling mga ugat ng matandang puno, halos bumaon ang kanyang mga kuko sa makapal na balat nito. Iniangat niya ang mga kamay at sinapo ang kanyang mukha. *Bados si Mama nang magduman siya sa pugad ng mga tawo. At habo na niyang isilang iyon kaya isinuko na niya ang kanyang buhay sa mga tawo. Habo na niyang madagdagan ang mga aki na iaasa na lamang sa kapalaran at awa ng Diyos ang kinabukasan.* Minasdan niya ang naglalarong anino ng mga dahon ng puno sa may paanan niya. Sa hula niya'y malapit nang mag-alas-tres ng hapon. Minasahe ni Teresa ang sentido, wari'y ginigising ang bahagi ng kanyang isip na naiwan sa kung saang hindi maarok na lugar sa kanyang utak. Marahang tumayo si Teresa at pinagpagan ang dumikit na lupa at mga dahon sa kanyang pantalon. Isinukbit sa balikat ang maliit na bag. *Kailangan ko nang magmadali. Ayaw kong abutin ng dilim sa daan.*

Hindi kaagad naihakbang ni Teresa ang dalawang paa sa pagkabigla nang makitang nakatambad sa kanyang harapan ang kobra, mas malaki, mas malapad ang namamaypay na nakabukang leeg, nakatitig sa kanya ang naniningkit nitong mga mata, labas-masok sa bibig ang magkasangang dila, wari'y nagdarasal o may kung anong ibinubulong sa kanya.

*Ikaw.*

*Wala nang iba, Teresa.*

*Tutuklawin mo na ako?*

*Ilang beses nang nagsanga ang ating landas, ni minsan ay hindi kita tinuklaw.*

*Ikaw ba ang Tawo?*

*Ilang beses mo na rin akong tinanong ng tanong na 'yan.*

*At ni minsan ay hindi mo ako sinagot.*

*Dahil alam mo na ang kasagutan, Teresa.*

Kuminang ang mga mata ng kobra ng tamaan ng sikat ng araw.

*Hahayaan mo ba akong umalis?*

*Walang makapipigil sa iyo.Walang nakapigil sa iyo noong sunugin mo ang kapilya, walang nakapigil sa Mama mo nang isuko niya sa amin ang kanyang buhay.*

*Si Mama ba ang nagturo sa akin ng lahat?*

*Nasa sinapupunan ka pa lamang ni Ester ay itinuro na niya sa iyo kung paano pangalagaan ang sarili.*

*Tatabangan mo pa rin ako kahit wala na ako sa Buenavista?*

*Teresa, alam mong ikaw lamang ang makasasagot ng tanong mong iyan. Pumikit ka at pakinggan ang tinig ng iyong ina sa iyong puso.*

Pumikit si Teresa at pinakinggan ang tibok ng kanyang puso. Pero walang salita o bulong o kung anumang sumasagi sa kanyang isip. Bagkus ay naramdaman niyang gumagapang sa kanyang mga paa ang kobra. Nagtindigan ang mga balahibo niya sa haplos ng malamig na balat ng makamandag na ahas sa kanyang dalawang paa. Pinigil niya ang takot, muling inusal ang dasal

na itinuro ng ina. Huminga siya ng malalim. Hinintay niya ang pagtigas ng kanyang kalamnan at pagbigat ng kanyang katawan pero hindi iyon nangyari. Hindi na rin tumagaktak ang kanyang pawis. Malumanay ang tibok ng kanyang puso. *Taglay mo na ang Tawo,* sabi ng kanyang ina bago ito namatay. Dumilat siya at sinilip ang ahas sa kanyang paanan. Wala na ito doon. Luminga siya sa paligid ngunit wala ni buntot ng ahas siyang nakita. Ihinakbang ni Teresa ang mga paa at sinimulan ang mahabang paglalakbay paalis ng Buenavista.

Wakas